# Si Tong-Tong At Si Ugtong


Sinulat Nina:
**Estelita B. Parce, Edd**
**Jimaima P. Dela Cruz**
**Michael Dave B. Dela Cruz**

Iginuhit Ni:
**Estelita B. Parce**
**Jimaima P. Dela Cruz**
**Michael Dave B. Dela Cruz**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**

Noong unang panahon sa bayan ng Fonda Lagatik may magkaibigang nagngangalang Tong-Tong isang mangingisda at si Ugtong na hari ng karagatan.

Masaya silang magkasama sa paglalaro at paglangoy sa dagat kasama ang sap-sap, galunggong, alimango, at hipon.

Sa kanilang paglalaro ay gumawa sila ng kasunduan. Tuwing buwan ng Hunyo hanggang



Agosto ang karagatan ay kay Ugtong. Mula Setyembre hanggang Mayo, ang karagatan ay kay Tong-tong.

Sa simula, maayos ang kasunduan. Sumapit ang mga buwan ng Hunyo, Hulyo at Agosto, nakaranas ng kagutuman ang pamilya ni Tong-tong.

"Saan ako kukuha ng pagkain?," daing ni Tong-tong.

Dahil dito siya ay nagdesisyong pumalaot kahit masama ang panahon. Malalaki ang alon at napakalakas ng ulan na naging sanhi ng pagkasira ng kanyang bangka.

Sa kalagitnaan ng dagat, nawalan ng malay si Tong-tong sa nangyari. Nagulat na lamang siya nang magising sa dalampasigan kasama si Ugtong.

Pinagalitan siya ni Ugtong sa hindi pagsunod sa kanilang kasunduan. "Iniligtas kita ngayon kahit na sinuway mo ang ating kasunduan pero sa susunod na ulitin mo pa yan, hindi na kita tutulungan."

